

Pahayag ng BIIA Pro-Equity Anti-Racism (PEAR)

Nakatuon ang Board of Industrial Insurance Appeals (BIIA) na pagbutihin ang pag-access ng mga litigante sa hustisya, sa pamamagitan ng pagbabawas o pag-aalis ng maraming panlipunan, pang-istruktura, at pang-ekonomiyang balakid hangga't maaari, para makapagpokus ang lahat ng nakikibahagi sa mga merit ng apela. Kinikilala namin ang kahalagahan ng papel ng aming ahensya sa pagbubuwag ng sistemikong rasismo sa loob ng Estado ng Washington.

Alam naming may iba't ibang background ang aming mga empleyado at customer at kung paano magpatung-patong at maipon ang diskriminasyon sa mga napakamapaminsalang paraan. Ginagawang priyoridad at itinataguyod namin ang pagpapatupad ng mga patakaran, programa, at gawain na nagtataguyod ng pantay-pantay na hustisya.

Mga Pangakong Panlabas

Nakatuon kami na:

- Humingi at tumugon sa feedback ng customer at ng komunidad kaugnay ng aming gawain.
- Pagandahin ang komunikasyon at teknolohiya sa bawat antas ng aming proseso ng pag-apela.
- Gumamit ng wikang kumikilala sa likas na karangalan at kahalagahan ng bawat indibidwal
- Paglingkuran ang lahat ng customer sa paraang hindi na magpapatuloy ang kanilang naranasang pang-aapi o eksklusyon.
- Panatilihin ang isang kapaligirang panig sa ekidad at laban sa rasismo.

Mga Pangakong Panloob

Nakatuon kami na:

- Sikaping kumuha ng mga empleyado na sumasalamin sa multikultural na komunidad na aming pinaglilingkuran.
- Tiyakin ang ekidad at pagkawala ng rasismo sa aming mga proseso at pamamaraan ng pag-recruit, pagtanggap sa trabaho, pagsasanay, pag-promote, at pagpapanatili ng mga empleyado.
- Linangin ang isang kapaligirang nagbibigay ng pantay-pantay na oportunidad sa lahat ng empleyado.
- Linangin ang isang diwang pangkomunidad sa loob ng aming ahensya na magtitiyak na magkakaroon ng pagkakataong marinig ang boses ng bawat isa.
- Tulungan ang aming mga empleyado habang pinaunlad nila ang sarili nilang kasanayan sa paglaban sa rasismo, ekidad, at inklusyon.

Regular naming pag-aaralan at susuriin ang pahayag na ito, nang hindi bababa sa kada taon, para matiyak na isinusulong namin ang aming mga pangako.

Pinetsahan: Disyembre 27, 2022.